

PAHAYAG SA MEDIA

ILALABAS KAAGAD: Disyembre 10, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann, 415.749.4900

Plano ng pagkilos ng komunidad ng West Oakland para pahasayin ang kalidad ng hangin na aprubado ng Lupon ng mga Tagatulong sa Hangin ng California

SAN FRANCISCO – Nagkaisa sa pagboto ang Lupon ng mga Tagatulong sa Hangin ng California noong nakaraang linggo para aprubahan ang *Owning Our Air: The West Oakland Community Action Plan (Pagmamay-ari sa Ating Hangin: Ang Plano ng Pagkilos ng Komunidad ng West Oakland)*, kung saan kasamang may-akda ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) at ang Proyekto sa Mga Indicator sa Kalikasan ng West Oakland.

Ang *Owning Our Air* ay nagtatakda ng mga serye ng estratehiya at hakbang na ipapatupad sa susunod na limang taon ng mga pang-estado, pangrehiyon, at lokal na ahensiya para mas mabawasan ang pagpaparumi sa hangin sa West Oakland. Ipinatupad ng Lupon ng mga Direktor ng Air District ang plano noong Oktubre 2, 2019.

“Ang pagsang-ayon ng estado sa malaking plano ng pagkilos ng komunidad na ito ay maghahatid ng mas malinis na hangin sa West Oakland at mga pagpapahusay sa pampublikong kalusugan para sa mga residente nito,” ani Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang pagpapatupad ng komprehensibong plano na ito ay pagpapatuloy ng mga dekadang pagsisikap para pahasayin ang kalidad ng hangin sa West Oakland at mabawasan ang mga panganib na nauugnay sa pangmatagalang pagkakalantad ng komunidad sa pagpaparumi sa hangin.”

“Ang *Owning Our Air* ay isang malaking mapagkukunan para sa mga miyembro ng komunidad para pahasayin ang mga kundisyon ng lugar na tinatawag nilang tahanan,” ani Bb. Margaret Gordon, pangalawang na direktor ng Proyekto sa Mga Indicator sa Kalikasan ng West Oakland. “Isang tagumpay ang araw na ito sa matagal nang pagsisikap para makamit ang pagbabawas ng mga emisyon at pag-aalis sa pagkakaiba sa pagpaparumi sa hangin para sa mga residente nating pinakanaaapektuhan at pinakamabils na maapektuhan.”

“Ang pagpapatupad ng mapangarap na planong ito ay gagawa ng mga makabuluhang pagpapahusay sa ating kalusugan at sa kalidad ng buhay sa West Oakland,” ani Brian Beveridge, pangalawang direktor ng Proyekto sa Mga Indicator sa Kalikasan ng West Oakland. “Walang makakahigit sa AB 617 pagdating sa pagtugon sa mga hindi pagkakapantay-pantay at pagbibigay-kaalaman sa mga komunidad para magtakda ng mataas na pamantayan para sa kalidad ng hangin at kalusugan. Nag-aalok ang *Owning Our Air* ng mga solusyong hahantong sa mga nasusukat na pagpapahusay ng kalidad ng hangin at malamang na magsisilbing modelo sa mga plano sa pagbabawas ng emisyon sa hinaharap sa buong California.”

Ang West Oakland ay nasasakupan ng Port of Oakland, ang Union Pacific rail yard at ng I-580, I-880, at I-980 na mga freeway. Ang tumataas na antas ng pagpaparumi sa hangin sa West Oakland ay resulta ng malawakang industriyal na aktibidad kabilang na ang pandagat na transportasyon, isang rail yard at mga linya ng riles, malalaking sentro sa pamamahagi, planta ng semento at aspalto, isang planta ng kuryente, mga metal na pasilidad, at maliliit hanggang sa katamtamang-laking pagpapatakbo sa industriya at

pagmamanupaktura. Nakakadagdag din sa tumataas na antas ng emisyon ang mga alikabok mula sa mga trak, sasakyan, at kalsada.

Nabuo ang plano bilang iniaatas ng Batas ng Asembleya 671 (AB 617), isang batas ng estado na ipinasa kasabay ng muling pagbibigay ng pahintulot ng programang cap-and-trade ng California, ang pangunahing bumubuo sa mga pagsisikap ng estado para bawasan ang pagbabago ng klima. Kinikilala ng AB 617 na bagama't nagkaroon na ng malaking pagpapahusay sa kalidad ng hangin sa California, hindi pantay ang pagkakaroon ng benepisyo sa lahat ng komunidad, at ang ilang komunidad na malapit sa mga freeway, piyer, industriya, o iba pang pinagmumulan ng polusyon ay nangangailangan ng karagdagang pagtuon at mapagkukunang magpapababa sa mga antas ng pagkakalantad.

Ang kopya ng *Owning Our Air* plan, buod, at apendise ng plano ay makikita at mada-download online sa link sa ibaba: <http://www.baaqmd.gov/ab617woak>.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)